Inumin Ang Inyong Gamot Araw-araw sa Tulong ng DOT.

Anf DOT ay Walang Bayad.

Ang TB ay Mahahadlangan at Malulunasan.

Kung kayo'y may mga tanong, mangyaring tawagan ang inyong nurse o tagasubaybay ng inyong paggamot sa sarili *(DOT worker):*

North Region 416-338-8380

South Region 416-392-7457

East Region 416-338-7492

West Region.....416-338-1521

targettb@toronto.ca

416.338.7600
toronto.ca/health
Toronto Public Health

PH0506GB076 (Tagalog) November 2011

Panlunas sa Tuberculosis sa pamamagitan ng

Panggagamot na Malapitang Pagsubaybay

(DOT)

Curing Tuberculosis with Directly Observed Therapy (DOT)
Tagalog

416.338.7600
toronto.ca/health
Toronto Public Health

Ano ang DOT?

- Ang DOT ay Panggagamot na Malapitang Pagsubaybay.
- Isa itong programang tumutulong magbigay-lunas sa Tuberculosis (TB).
- Iinom kayo ng gamot para sa TB hanggang anim na buwan o mahigit pa.
- Isang tagasubaybay ang tatagpo sa inyo sa araw araw maliban sa Sabado at Linggo at tutulungan kayo sa panggagamot.
- **Walang bayad ang DOT.**

Paanong tumatakbo ang Programang DOT?

Isang tagasubaybay ang:

- Tatagpo sa inyo sa inyong tahanan o sa ibang lugar.
- Tatagpo sa inyo nang limang beses (Lunes hanggang Biyernes) bawat linggo hanggang matapos ang inyong panggagamot.



Paano kayong matutulungan ng inyong tagasubaybay?

Habang kayo'y umiinom ng gamot sa TB, ang inyong tagasubaybay ay:

- Magbabantay ng masamang bisa (side effect) ng gamot.
- Tutulungan kayong uminom ng gamot sa wastong paraan.
- Aalalay sa inyo hanggang matapos ang inyong panggagamot.
- Tutulungan kayo sa inyong takdang konsultasyon sa doktor.
- Tutulungan kayo sa iba pang usapin..

Bakit mahalagang uminom kayo ng gamot sa TB araw-araw?

- Ang pag-inom ng gamot araw-araw ay makalulunas sa inyong TB.
- Kung hindi kayo iinom nito araw-araw, muling dadami at kakalat ang mikrobyong TB at mahihirapan nang gamutin.
- Pagkatapos ng ilang buwang pag-iinom ng gamot sa TB at bumuti ang inyong pakiramdam, kinakailangan pa rin ipagpatuloy ang pag-inom nito hanggang sa takdang paghinto upang masupil nang tuluyan ang bawat mikrobyong TB.